【タガログ語版】

# Patungkol sa aplikasyon ng pagsali sa Hikone Municipal After School Children (Houkago Jidou - Gakudou-) Club sa Winter Vacation sa 2024, at Spring Vacation sa 2025. at ang Application para sa pagsali sa Year Batch 2025

冬休み期間限定、(令和６年度学年末・令和７年度学年始)春休み期間限定
および令和７年度　彦根市放課後児童クラブ入会申込について

**〇Ang After School Children (Houkago Jidou -Gakudou-) Club ay...**

May layunin na mapalaki ng malusog ang puso at katawan ng bata, sa pagbibigay ng lugar ng aktibidad at paglalaro, para sa mga batang walang tagabantay pag-uwi sa bahay, dahilan ng kaabalahan ng magulang.
**Sa mga nagnanais pong mag-apply paki tignan po ninyo yung likuran ng papel na ito.**

**〇Panahon ng tanggapan**
**Mula 2024, Oct. 1 (tue) hanggang Oct. 31(thu)**

**Nalalapatan**

Ang lahat ng batang nag-aaral sa loob ng lungsod sa Elementary School.　６０ y/o pababa na Magulang, Lolo o Lola na kasama sa bahay, ay **hindi makakapagbantay sa bata sa tanghali dahil nasa trabaho etc.**, ang maaari pong makasali sa Gakudou.

**Oras ng Pagbubukas**

①Weekdays: mula After School hanggang 6:30PM (nasa classroom na ang guro mula 1:00PM)
②Saturday/ School Holidays o Long Holidays ay magbubukas mula 7:45 AM ~ 6:30 PM
※Mahigpit po na ipinapatupad ang oras ng pagsundo. Pasuyo nalang po..

**Araw ng Pagsasara**

①Sunday, Red-Calendar Holidays, Last and First Week of the year (Dec. 29 ~ Jan. 3)
②Araw na wala munang pasok sa paaralan dahil sa sakuna o pagkakahawaan sa sakit, o iba pa.

**Babayaran**　Ayon po sa nakasaad sa ibaba ang magiging halaga ng babayaran ng magulang.
Mula po sa 2024 ay magbabago ang halaga. Sana'y maunawaan po ninyo.

| Panahon (Courses) | Halaga ng bayad kada isang bata |
|---|---|
| Normal Months<br>（hindi po kasama ang August） | Monthly　￥ 8,000<br>（Iba pa po yung bayad para sa School Year Fee） |
| Summer Vacation<br>（Batang naka-apply ng pang 1 year at papasok din kapag August） | Season　￥13,000<br>（Iba pa po yung bayad para sa School Year Fee） |
| Spring Vacation bago ang pasukan<br>Winter Vacation<br>Spring Vacation pagkatapos ng pasukan | Bawat Season　￥ 3,000<br>（Iba pa po yung bayad para sa School Year Fee）<br>※Kung naka-apply na po ng pang 1 year, kasaa na po doon sa Yearly Payment yung bayad para sa mga Seasons na ito. |
| Saturday | Monthly　￥ 2,000<br>（Hindi po pwede yung Saturday Only Application）<br>※Kung gumamit ng Gakudo sa Saturday habang naka-apply sa 1 Year o Summer Vacation only, ay kinakailangan pa po ninyong bayaran ang pang Saturday Course |

※Sa mga mayroong kapatid na kasaling gagamit sa Club, o Single Parent Household, o tumatanggap ng Livelihood Protection, ay mayroon pong bawas bayad. (Kailangan ng Application)
※Maliban po sa mismong bayaran para sa Membership, kailangan din pong bayaran yung [Sports Safety Insurance (Section A1) na nagkakahalaga ng ￥ 800/ kada taon.

○Paki check nalang po ninyo yung Application Details sa Homepage.
Masmaigi po na paki-turn on po ninyo yung Website Auto-translate sa inyong Gadgets

Dito po Homepage na patungkol sa Application👉

〇**Patungkol sa paraan ng Membership Application**
※Mag-ingat po kayo dahil magkakaiba po ang paraan ng pag-aaply, ayon sa nais na pasukang panahon.

**Paggamit sa Club sa panahon lamang ng Winter Vacation**
Sulatan po ninyo yung mga kinakailangang parte sa Application Form. Samahan po ninyo ng iba pang kakailanganing papeles katulad ng papeles sa katibayan ng pagtatrabaho at saka po ninyo ipasa sa Gakudo na nais ninyong ipasok ang bata.

**Paggamit sa Club sa panahon lamang ng Spring Vacation (Last at First Week ng taon ) at Whole Year Batch 2025**
①Maghanda po kayo ng mga papeles na katibayang hindi po ninyo mababantayan ang bata, katulad po ng papeles na katibayan ng pagtatrabaho. Hangga't maaari ay Online po kayo mag-apply.

Dito po yung Electronic Application 👉
or seach po ninyo 🔎 彦根市電子申請サービス

②Pagkatapos na makapag-apply po kayo Online, saka po ninyo ipasa sa Gakudo na nais po ninyong ipasok ang bata, yung mga papeles katulad ng katibayan ng pagtatrabaho, Application Form para sa bawas bayad etc. (sa mga nagnanais lamang).
※Magsasara po ng 6:30 PM yung Gakudo, kaya sana'y mag-ingat po kayo sa oras.

**Patungkol sa mga kinakailangang papeles**
・Ang mga kinakailangang papeles katulad ng Winter Vacation Only Application Form o papeles sa katibayan ng pagtatrabaho, ay nakalagay po yung mga papeles sa bawat Elementary Schools After School Children Clubs (Gakudou) mula Oct. 1, 2024(tue). Nandoon din po sa Homepage ng lungsod yung Formats Files, kaya maaari din po ninyo mai-download to print-out.

・Matagal po kasing makakuha ng papeles sa katibayan ng pagtatrabaho, kaya't kumuha na po kayo ng maagad. Sa mga Gr. 2 Students pataas at nagnanais gumamit ng gakudo sa (Winter Vacation o Last Week of the Year **lamang**) sa taong kasalukuyan, at nakapagpasa na ng papeles sa katibayan ng pagtatrabaho sa taong 2024, hindi na po ninyo kailangan magpasa pa ulit. **Ngunit kung mayroon pong naiba sa impormasyon, ay magpasa po kayo ulit nito.**

〇**Patungkol sa paraan ng Membership Application**
※Ang pagpapasya sa Membership Approval, ay ipapaalam po namin sa mga sumusunod na panahon.
・Kung Winter Vacation Only Application, ay sa bandang umpisa ng December.
・Kung Spring Vacation Only Application o Whole Year Bacth 2024, ay sa katapusan ng February 2024.
Uunahin po naming tanggapin yung mga nag-apply sa loob ng itinakdang panahon.
**※Kung mayroon pong hindi pa nababayaran sa nakaraan (o sa Membership ng kapatid ng bata), ay hindi po maaaring makasali ng panibago ang iba pa niyang kapatid.**

〇 **Patungkol po sa iba pang detalyadong impormasyon ng After School Children Clubs sa loob ng Hikone, ay maaari po ninyong ma-check sa City Homepage**

Dito po ang patungkol sa detalye ng After School Children Club (Gakudo) 👉

or seach po ninyo 🔎 彦根市　放課後児童クラブの紹介

Kung mayroon po kayong nais maliwanagan, itawag lang po ninyo sa nasa ibaba.

**Hikone City Board of Education Office, Lifelong Learning Division, Children Assist (Hikone City Hall 3rd Floor)**
**Hikone-shi, Kyouiku-iinkai Jimukyoku, Shougai Gakushu-ka, Kodomo-shien Kakari TEL：0749－24－7974**

Sa mga nangangailangan ng Translation, sabihin lang po ninyo na **Eigo(English or Tagalog) onegaishimasu**.